DULA

Tanikalang Ginto: Buod at Gawain

Dulang sedisyoso. Ang buod at gawaing ito ay inihanda ng akingmaiklingkwento.com batay sa mga pinagkunang nakalista sa dulo.

Buod ng Tanikalang Ginto

Pangako nang ikakasal si Liwanag kay K. Ulayaw, at noong una ay pumayag ang tiyuhin at ampon na ama ng dalaga na si Maimbot. Ngunit binawi ni Maimbot ang kanyang pahintulot, ipinagbawal kay K. Ulayaw na dumalaw sa kanilang bahay, at sinikap pasukuin si Liwanag sa pamamagitan ng mga regalo, kasama ang isang gintong tanikala.

Inupahan ni Maimbot si Nagtapon, kapatid ni K. Ulayaw, upang tiktikan ang sariling kapatid. Itinakwil ni Nagtapon ang kanilang ina na si Dalita, at namatay si Dalita sa unang yugto.

Hindi nagtagumpay ang mga regalo, kaya itinali ni Maimbot si Liwanag sa isang puno at ipinabantay kay Nagtapon. Natagpuan siya ni K. Ulayaw, at pinatay siya ni Nagtapon. Nagtatapos ang dula sa pag-akyat ni Liwanag sa langit.

Buod ito batay sa paglalarawan ng Korte Suprema sa kaso ni Abad. Sariling pagsasalaysay ito ng Aking Maikling Kwento at hindi ang teksto ng dula.

Mga tauhan

- Liwanag: Ang dalagang nobya ni K. Ulayaw. Ayon sa pamahalaan: ang Pilipinas (liwanag o bukang-liwayway).
- K. Ulayaw: Ang nobyo ni Liwanag. Ayon sa pamahalaan: ang mga Pilipinong nagnanais ng kalayaan.
- Maimbot: Tiyuhin at ampon na ama ni Liwanag; mapag-imbot o sakim. Ayon sa pamahalaan: ang Estados Unidos.
- Nagtapon: Kapatid ni K. Ulayaw na inupahan ni Maimbot bilang tiktik. Ayon sa pamahalaan: ang mga Pilipinong kaibigan ng mga Amerikano.
- Dalita: Ina nina K. Ulayaw at Nagtapon; namatay sa unang yugto. Ayon sa pamahalaan: ang inang bayan.

Mula sa entablado hanggang sa Korte Suprema

• 7 Hulyo 1902: Unang pagtatanghal sa Teatro Libertad, Maynila; itinanghal din sa Laguna at Cavite nang mahigit 20 ulit.

• 10 Mayo 1903: Itinanghal sa Batangas. Sa araw ding iyon, kinumpiska ng mga awtoridad na Amerikano ang iskrip at kinasuhan si Abad ng sedisyon.

• Hatol sa unang korte: Ipinasya ng Hukom Paul Linebarger na sedisyoso ang dula. Hinatulan si Abad ng dalawang taong pagkabilanggo at multang dalawang libong dolyar, ayon sa Wikipedia.

• 9 Agosto 1906: Binawi ng Korte Suprema ang hatol at pinawalang-sala si Abad (U.S. vs. Abad, G.R. No. 2535; opinyon ni Mahistrado Charles A. Willard).

Aral

• Ang kasakiman ay nagpapahamak sa sarili at sa kapwa, gaya ng nangyari kay Maimbot at kay Nagtapon.

• Ang tunay na pag-ibig at katapatan ay hindi nabibili ng kayamanan.

• Ang pagtataksil sa kapatid at sa magulang ay may mapait na bunga.

Gawain: sagutin ang mga tanong

1. Sino ang sumulat ng Tanikalang Ginto at kailan ito itinanghal?

2. Sino sina Liwanag, K. Ulayaw, Maimbot at Nagtapon?

3. Ano ang nangyari kay K. Ulayaw sa dulo?

4. Ano ang sinabi ng pamahalaan na kinakatawan ni Maimbot, ni Nagtapon at ni Liwanag?

5. Bakit pinawalang-sala si Abad ng Korte Suprema noong 1906?

6. Sa palagay mo, dapat bang ituring na sedisyon ang isang dulang gumagamit ng sagisag? Ipaliwanag.

Mga sagot

1. Si Juan Abad. Itinanghal sa Teatro Libertad sa Maynila noong 7 Hulyo 1902.

2. Si Liwanag ang dalaga; si K. Ulayaw ang nobyo niya; si Maimbot ang tiyuhin at ampon na ama ni Liwanag na humahadlang sa pag-iibigan; si Nagtapon ang kapatid ni K. Ulayaw na inupahan ni Maimbot bilang tiktik.

3. Natagpuan niya si Liwanag na nakatali sa puno, at pinatay siya ni Nagtapon.

4. Ang Estados Unidos si Maimbot, ang mga Pilipinong kaibigan ng mga Amerikano si Nagtapon at ang Pilipinas si Liwanag.

5. Dahil sa mismong teksto, karaniwang kwento ng pag-ibig ang dula, at nagduda ang mga saksi ng pamahalaan na naintindihan ng manonood ang alegorya.

6. Malayang sagot. Hayaan ang mag-aaral na magbigay ng dahilan batay sa kasong tinalakay.

Mga pinagkunan

• Desisyon ng Korte Suprema: United States vs. Juan Abad, G.R. No. 2535, 9 Agosto 1906 (ang trama at ang alegorya ng prosekusyon) (https://chanrobles.com/scdecisions/jurisprudence1906/aug1906/gr_l-2535_1906.php)

• Wikipedia: Juan Abad (talambuhay, premiere at hatol ng unang korte) (https://en.wikipedia.org/wiki/Juan_Abad)